

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Papayagan ng Lungsod ng Brampton ang mga lokal na restawran at mga bar na palakihin ang mga espasyo sa labas para suportahan ang pagbangon ng ekonomiya kapag papayagan na ang muling pagbubukas

BRAMPTON, ON (Hunyo 15, 2020) – Sa nakalipas na linggo, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang mga plano na suportahan ang lokal na mga restawran at mga bar habang naghahanda sila sa muling pagbubukas sa kalaunan kapag pinapayagan ng Lalawigan.

Ipinasa ni Rehiyonal na Konsehal Pat Fortini ang panukala sa Konseho na humihiling na ang mga lokal na restawran at mga bar ay papayagan na palakihin ang mga espasyo sa labas para padaliin ang pagbangon ng negosyo, matapos makipag-usap sa mga restawran na Jack Astor's Bar and Grill at Oscar's Roadhouse Bar and Grill. Ang panukala ay magkaisang ipinasa ng Konseho.

Ang mga restawran at mga bar sa Brampton ay papayagan na palakihin ang kanilang mga bakuran papunta sa mga bangketa at mga lugar ng pribadong paradahan para i-accommodate ang mas maraming espasyo na kainan sa labas, kapag natanggap na ang pahintulot mula sa lalawigan na muling magbukas ang mga serbisyo na pagkain sa labas. Sa panahong ito, hindi pa pinapahintulutan na muling magbukas ng Pamahalaan ng Ontario ang mga restawran, mga bar at ibang mga establisyamento sa Rehiyon ng Peel.

Ang bakuran sa labas at mga bayad sa permit sa bangketa ay tatanggalin para sa 2020 para tulungan ang mga lokal na restawran at mga maliliit na negosyo sa kanilang pagbangon.

Dahil ang pagpapalano para sa ligtas at dahan-dahang muling pagbubukas ng Lungsod ay nagpapatuloy, mahigpit na makikipagtulungan ang Konseho at ang staff sa mga restawran at mga negosyo para matukoy ang mga paraan na palakihin ang mga operation na mababa ang panganib habang sumusunod sa mga patnubay ng public health at mga tuntunin sa paglayo mula sa iba.

Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya

Ginagampanan ng mga lokal na negosyo ang mahalagang papel sa ekonomiya ng Brampton. Noong nakaraang buwan, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya](#) sa Brampton na kinabibilangan ng mga aksyon para suportahan ang maliliit na mga negosyo, mga restawran at turismo. Bilang bahagi nito, inilunsad ng Lungsod ang [kampanya nitong "Suportahan ang Lokal"](#) na humihikayat sa mga residente na saliksikin, piliin at tangkilikin ang mga serbisyo o produktong lokal sa panahon ng COVID-19 at lampas pa.

Mga Quote

"Committed tayo sa mahigpit na pakikipagtulungan sa ating mga lokal na negosyo kaugnay ng nakakatulong na mga solusyon habang ginagawa nila ang kinakailangang mga pag-aakma para ligtas na muling magbukas. Nai-enjoy ng aking pamilya ang ating lokal na mga restawran kada Takeout sa Miyerkules at labis na inaasam ko ang pagkain sa labas at patuloy na suportahan ang ating mga lokal na negosyo kapag pinapayagan na ito at ligtas nang gawin ito."

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Direkta naming narinig mula sa ating mga lokal na restawran kung gaano kalubha silang natamaan bilang bunga ng COVID-19. Habang nagpapatuloy tayo sa ating dahan-dahang muling pagbubukas, titingnan natin ang lahat ng paraan para makatulong sa pagsuporta sa kumpleto at ligtas na pagbangon ng ating mga lokal na negosyo.”

– *Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10; Chair, Pag-unlad ng Ekonomiya at Kultura; Lungsod ng Brampton*

“Ang kapakanan ng mga maliliit na negosyo ng Brampton ay ang nangunguna sa isipan para sa atin. Ang pagpapahintulot sa mga negosyo na makapagplano ngayon para sa mga pagbabagong ito sa kanilang mga espasyo sa labas, ay makakatulong sa pagtiyak na handa na sila kapag natanggap natin ang pahintulot na muling magbukas mula sa Lalawigan at sa Peel Public Health.”

– *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Pag-unlad ng Ekonomiya at Kultura; Lungsod ng Brampton*

“Ang ating staff at Konseho ay nakinig sa mga pangangailangan ng ating mga lokal na negosyo at mga stakeholder at gumagawa tayo ng aksyon kung saan posible para makatulong na suportahan sila sa kanilang muling pagbubukas. Bilang isang Lungsod, ang ating tungkulin ay suportahan ang pinagsamang pagbangon at kaligtasan ng ating komunidad at alam ko na ang pagpapalaki sa mga espasyo sa labas ay makakatulong na gawin iyan.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Pinupuri ng Ontario Restaurant Hotel and Motel Association ang Lungsod ng Brampton sa pagpasa ng panukala na buksan ang mga bakuran sa labas at sa pagpapahintulot sa pagpapalaki ng mga bahaging ito. Nasasaktan ang mga restawran at nagpapahintulot ito nang paunti-unting pag-abante para lumikha ng tiwala sa mga customer para bisitahin ang kanilang mga operation para sa inihahandog na mga malasang pagkain”

– *Tony Elenis, Presidente at Pinunong Ehekutibong Opisyal, Ontario Restaurant Hotel and Motel Association (ORMA)*

“Bilang isang matagal nang established at kwalipikadong mataas sa teknolohiya na negosyo sa Brampton, labis kaming nagpapasalamat sa suporta ng ating komunidad at sa ipinakita ng Lungsod sa amin sa loob nitong napakahirap na mga panahon. Ang mga pagbabagong ito na inanunsyo ng Lungsod ay magpapahintulot sa amin na i-accommodate ang mas marami sa ating mga mahalaga at na-miss na mga customer sa pinakaligtas na paraang posible kapag pinapayagan na kaming muling magbukas. Inaasama kong makita ang lahat sa aming bakuran sa lalong madaling panahon na ligtas nang gawin ito.”

– *Sabena Coulter, May-ari, Fanzorelli’s Restaurant & Wine Bar*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca